# REPORNA O REPORMA: ANG PAGTANGGAL NG MGA STRAND SA SENIOR HIGH SCHOOL

*by:*
**Maureen T. Adan,**
*Teacher II, St. Francis National High School*

Sa harap ng makabagong panahon ng edukasyon sa Pilipinas, muling umuugong ang usapin ukol sa posibleng pag-alis ng mga strand sa Senior High School (SHS). Ang proposal na ito ay naglalayong gawing mas simple ang kasalukuyang sistema ng K to 12, na sinasabing maaaring magbigay ng mas konkretong landas patungo sa kolehiyo o trabaho. Subalit, sa likod ng layunin ng reporma, nararapat nating pag-usapan ang mas malalim na epekto nito sa kinabukasan ng mga mag-aaral.

Ang pag-alis ng mga strand tulad ng STEM, ABM, HUMSS, at iba pa ay nangangahulugan ng pagbura sa malinaw na landas para sa mga kabataan na nais paghandaan ang kanilang propesyonal na karera. Halimbawa, ang STEM ay nagbibigay-daan sa mas maagang pagtuon sa agham at teknolohiya, habang ang ABM ay tumutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang negosyo at ekonomiya. Sa pagkawala ng mga strand, nawawala rin ang pagkakataon ng mga mag-aaral na makapagdesisyon kung anong direksyon ang nais nilang tahakin habang sila ay

nasa Senior High pa lamang.

Isa rin itong hamon sa ating mga guro at institusyon. Kung aalisin ang mga strand, nangangahulugan ito ng pagbabago sa kurikulum at pagsasanay para sa mga guro. Muling babalangkasin ang mga materyales at sistema ng pagtuturo, na maaaring magdulot ng kalituhan at pagkabawas sa kalidad ng edukasyon. Ang pag-aadjust na ito ay nangangailangan ng sapat na panahon, pondo, at suporta mula sa pamahalaan, na hindi agad-agad matutugunan.



depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bagamat may argumento na maaaring makabawas sa gastusin ang simpleng sistema, ang halaga ng edukasyon ay hindi dapat nakabatay lamang sa budget. Ang edukasyon ay tungkol sa paglikha ng makabuluhang karanasan para sa mga mag-aaral—isang sistema na handang tumugon sa kanilang pangangailangan at pangarap.

Sa halip na tanggalin ang mga strand, bakit hindi tayo magtulungan upang gawing mas mahusay ang kasalukuyang sistema?

Sa huli, ang desisyon na alisin ang mga strand ay dapat pag-isipang mabuti. Higit sa pagiging usapin ng ekonomiya, ito ay usapin ng kinabukasan ng bawat mag-aaral at ang direksyong tatahakin ng ating bansa sa larangan ng edukasyon. Ang pagbawas sa sistema ay hindi dapat maging sagot; sa halip, masusing pagsusuri at pagpapabuti ng kasalukuyang mga programa ang nararapat unahin. Sa bawat hakbang patungo sa pagbabago, laging isaisip: ang edukasyon ay para sa mga kabataan, at ang kanilang pangarap ang dapat maging sentro ng lahat ng reporma.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Polytechnic University of the Philippines. (2025, January 24). Senior high school. Polytechnic University of the Philippines. https://www.pup.edu.ph/shs/

Ombay, G. (2025, January 22). DepEd eyes phased implementation of revised SHS curriculum starting SY 2025-26. GMA Network. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/933716/deped-revised-shs-curriculum-sy-2025-2026/story/